



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III - CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OFFICE - SCIENCE CITY OF MUÑOZ

“Saan Patungo”

Ni ALVIN DC. LAZARO

Isa akong guro, na may simpleng pangarap, namulat sa isang payak na pamumuhay kasama ng aking mga kapatid. Hindi man marangya ang aming buhay ngunit masasabi kong isang pamilya kami na puno ng pagmamahalan, handang magmalasakitan, tumulong kung kinakailangan. Simpleng pamilya ngunit sa kabila nito’y nag-uumapaw ang pag-iibigan sa bawat isa. Minulat kami nang aming mga magulang sa tiyak at wastong paraan ng pamumuhay at may takot sa Diyos. Dahil sa pagsusumikap ng aking mga magulang ako ay nakapagtapos ng aking pag-aaral. Walang hanggang pagpapasalamat at pagtanaw ng utang na loob sa aking mga magulang.

Noong ako’y nagsimula sa pagtuturo batid kong dito na iinog ang aking buhay, kailangan kong tanggapin at yakapin ang sistemang umiikot sa aking mundo, mahalin at pangalagaan ang aking sinumpaang tungkulin para sa bata maging sa bayan. Sa kabila ng mabilis na pag-usad ng ating panahon marami ang pagbabago sa sistema ng edukasyon ngayon, nariyan ang mga bagong programa na pinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa hangaring mas lalong mapabuti at maitaas ang kalidad ng edukasyon at maging ang paraan ng ating pagtuturo, sa kadahilanang ninanais nila na makasabay tayo sa nagbabagong panahon Isang progresibong mundo para sa kapakinabangan ng ating mga estudyante. Iba na ang umiiral at tumatakbo sa kaisipan ng mga bata ngayon, nagiging mulat na ang ating mga kabataan sa modernalisasyon, kaya naman higit lalo sa atin ay kailangan nating sumabay sa pagbabagong ito. Ang mga guro ay dapat hindi humihinto sa pagdiskubre ng mga pamamaraan para ipamulat sa ating mga kabataan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magandang gawi at pag-uugali. Aspeto na dapat ikintal sa mga kabataan ang kasipagan, kabutihang asal, pagtulong sa kapwa, pagiging magalang at may takot sa Diyos bilang malaking bahagi ng kanilang pagkatao. Huwag nating hayaang malulong ang ating mga kabataan sa impluwensya ng social media. Bilang guro, hindi nawawala sa atin ang ganitong pagmamalasakit dahil tayo’y bahagi na ng buhay ng ating mga estudyante, alamin at tukuyin ang kalagayan at pangangailangan ng ating mga anak sa paaralan.

Ang mga magulang ang unang guro ng mga kabataan. Ang pagmamalasakit at pagmamahal sa mga anak ay isang gintong layunin ng magulang at kahit kaylan at kahit lumipas pa ang maraming panahon ay dapat manatili ito sa kanila.

Hindi lingid sa atin na malaki ang ating laban na kinakaharap ngayon, hindi lamang para maipaabot ang karunungan kailangan ng ating mga anak bagkus isa

sa mga bangungot na nararanasan natin ngayon ay ang sakit na lumalaganap at pumapatay ng maraming tao, ang COVID-19. Batid nating lahat ang perwisyong naidulot nito sa buhay at pamumuhay ng lahat ng tao. Naging tahimik ang dating paligid na puno ng sigla, lahat ay takot at nangangamba. Naging paralisado ang dating masiglang buhay. Lahat ay nagnanais at nag-iisip kung kailan ba matatapos ang pandemyang ating kinakaharap. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, ako ay patuloy na nagpapasalamat dahil ako'y isang guro, naging bahagi ako para makatulong sa ating mga estudyante bitbit ang layunin at adhikaing ipaabot ang mga kaalaman, mga pamamaraan at estratehiya sa kanilang pag-aaral dahil batid ko na hindi natatapos ang aking tungkulin lalo na sa ganitong pagkakataon.

Katulad ng iba naranasan ko rin na maapektuhan ng virus, naranasan ko rin na layuan ng mga tao, hindi ko sila masisisi dahil sadya naman talagang nakakatakot, hindi biro ang ganitong karamdaman na mismong sarili mo lamang ang maaaring tumulong sa iyo. Malaki talaga ang naging dulot nito sa aking sarili maging sa aking pamilya, naranasan ko at nasaksihan ang nakakatakot at nakapanghihinang pangyayari. Maaaring maidulot nito sa ating sarili at laging iniisip ang maaaring maging epekto nito sa ating pamilya. Matindi ang naidulot ng delubyong ito sa atin, sadyang lumiliit na ang ating mundo. Nawalan tayo ng laya at naging limitado ang ating pagkilos dahil sa pandemyang ito. **Ang tanong hanggang kaylan matatapos ang delubyong ito, sana malapit na, sana matapos na ang hirap, ano na ang mangyayari sa hinaharap kung palagi sa araw-araw ay puno tayo ng takot at pangamba sa ating sarili maging sa ating buhay.**

Sa kabila ng lahat ng ito, ako'y patuloy na nagpapasalamat dahil ako ay naging isang guro, naging mataas ang aking moral na kahit anong pagsubok ang maranasan nananatili pa ring matatag at naghahangad na makatulong sa ating mga estudyante. Nasanay at hinubog ako ng aking karanasan sa tulong na rin ng aking kapwa guro at mga pinuno sa aming paaralan.

Ano nga ba ako bilang isang guro, hindi lamang ako isang guro, ako ay guro na may pagmamalasakit sa aking mga estudyante, handang tumulong na maabot ang kanilang mga pangarap, bigyang ng inspirasyon ang bawat isa at tukuyin ang mga bagay na maaaring makatulong sa kanilang pag-unlad. Kaisa ako sa isinusulong ng ating Kagawaran sa mabuting edukasyon para sa ating mga mag-aaral dahil batid ko ang kahalagahan ng edukasyon at walang sinuman ang maaaring makahadlang sa patuloy na pagtaas ng antas ng karunungan ng bawat mag-aaral na patuloy ang paglago nito para sa kapakinabangan ng lahat.

Hanggat may mga gurong nagmamalasakit sa kapakanan ng kanilang mga mag-aaral walang sinoman ang maaaring humadlang kahit humarap pa tayo sa delubyo na nararanasan natin ngayun.

Anoman ang ating nararanasan sa kasalukuyan, matuto tayo na tanggapin at harapin ang mga problemang ito, dahil dito tayo nagkakaroon na malawak na pag-iisip at pagpapahalaga sa ating sarili. Hanggat mayroong nagmamalasakit sa atin at isinasaalang alang ang ating kapakanan at kahalagahan huwag tayong titigil...huwag tayong susuko dahil tayo ay GURO.